SWEDISH MEDICAL CENTER

NOTICE NG MGA KASANAYAN SA IMPORMASYONG PANGKALUSUGAN

INILALARAWAN NG NOTICE NA ITO KUNG PAANO MAAARING MAGAMIT AT MABUNYAG ANG IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO AT KUNG PAANO KA MAAARING MAKAKUHA NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO. PAKISURI ITO NANG MABUTI.

Ang Swedish ("Swedish" o "kami") ay kinakailangan ayon sa batas na panatilihin ang privacy ng iyong impormasyong pangkalusugan, bigyan ka ng notice sa mga legal na tungkulin at kasanayan sa privacy nito, at sundin ang mga kasanayan sa impormasyon na inilarawan sa notice na ito. Ipinapaliwanag ng notice na ito kung paano maaaring gamitin at/o ibunyag ang iyong impormasyong pangkalusugan, at may karapatan kang humiling at tumanggap ng kopya sa papel ng notice na ito. Hindi gagamitin o ibubunyag ng Swedish ang iyong impormasyong pangkalusugan maliban sa tulad ng ibinunyag sa notice na ito.

Nalalapat ang notice na ito sa lahat ng impormasyong pangkalusugang nabuo ng mga propesyonal, empleyado, kawaning may kontrata, mag-aaral at boluntaryo ng pangangalagang pangkalusugan, para sa mga entity ng Swedish, kabilang ang:

- Mga Ospital sa Sentrong Medikal sa Mga Campus ng Swedish (Swedish Medical Center Hospital Campuses)
- Mga Sentro sa Pangangalaga sa Ambulansya ng Swedish (Swedish Ambulatory Care Centers)
- Mga Pangkat-Medikal ng Swedish (Swedish Medical Group)
- Mga Serbisyo ng Bumibisitang Nurse ng Swedish (Swedish Visiting Nurse Services)
- Mga Institusyon ng Swedish (Swedish Institutes)
- Mga Klinika ng Swedish (Swedish Clinics)

Nalalapat ang notice na ito sa mga ibang provider ng pangangalagang pangkalusugan na gumagamit ng iisang electronic na talaan sa kalusugan ng pasyente kasama ng Swedish at sumang-ayong sumunod sa notice sa mga kasanayan sa impormasyong pangkalusugang ito. Available ang isang kumpletong listahan ng mga entity ng Swedish at ibang mga provider ng pangangalagang pangkalusugan na gumagamit sa system ng electronic na talaan sa kalusugan ng pasyente ng Swedish sa website ng Swedish www.Swedish.org.

Nalalapat ang notice na ito sa personal na impormasyong pangkalusugan at mga talaan ng kalusugang ginagamit para sa pangangalaga sa iyo sa mga pasilidad na ito at kanilang mga kaakibat na klinika at departamento. Sa karaniwan, naglalaman ang talaang ito ng iyong mga sintomas, eksaminasyon at mga resulta ng pagsusuri, diagnosis, panggagamot, at plano para sa pangangalaga o panggagamot sa hinaharap. Ang mga talaan sa ospital, departamento ng emergency, at mga departamento ng pagsusuring diagnostic tulad ng x-ray at mga klinika ng outpatient ay mga halimbawa. Kapag nagbibigay kami ng mga kasunduan sa magkakasamang pangangalagang pangkalusugan sa mga entity na ito, ibinabahagi namin ang iyong impormasyong pangkalusugan kung kinakailangan upang maisagawa ang mga aktibidad sa panggagamot, pagbabayad at pag-opera.

Nalalapat ang notice na ito sa system ng electronic na talaan sa kalusugan ng Swedish. Maaaring ma-access ang electronic na talaan sa kalusugan ng bawat pasyente nang electronic para sa mga hangarin ng panggagamot. Ang ilang halimbawa ay:

- sa pamamagitan ng pasyente o awtorisadong itinalaga ng pasyente sa pamamagitan ng secure na electronic na system na tinatawag na MyChart o

- sa pamamagitan ng provider o ibang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na may kaugnayan sa panggagamot sa pasyente sa pamamagitan ng secure na malayuang pag-access o ibang secure na proseso ng pagbubunyag o pakikipagpalitan.

Paggamit ng Personal na Impormasyong Pangkalusugan

Sa bawat oras na bumisita ka sa isang opsital, doktor, o ibang provider ng pangangalagang pangkalusugan, gagawa ng talaan ng iyong pagbisita. Ang impormasyong ito, madalas na tinutukoy bilang ang iyong talaang pangkalusugan o medikal, ay nagsisilbing:

- batayan para sa pagpaplano sa pangangalaga at panggagamot sa iyo
- paraan ng komunikasyon sa maraming propesyonal sa kalusugan na nag-aambag sa pangangalaga sa iyo
- legal na dokumentong naglalarawan sa pangangalagang iyong natanggap
- paraan kung paano mapapatunayan ng isang third-party na magbabayad na aktwal na ibinigay ang mga nasingil na serbisyo
- gamit sa pagtuturo sa mga propesyonal sa kalusugan o sa mga iba pa
- pinagmumulan ng data para sa medikal na pagsasaliksik
- pinagmumulan ng impormasyon para sa mga opisyal ng pampublikong kalusugan na naatasan sa pagpapabuti sa kalusugan ng bansa
- pinagmumulan ng data para sa pagpaplano at pag-market ng pasilidad
- kagamitan na maaari naming matasa at patuloy na pagsumikapang pagbutihin ang pangangalagang aming ibinibigay at ang mga kahihinatnang aming nakakamit

Ang pag-unawa sa kung ano ang nasa itong talaan at kung paano ginagamit ang iyong impormasyong pangkalusugan ay tumutulong sa iyong:

- matiyak ang katumpakan nito
- mas mahusay na maunawaan kung sino, ano, kailan, saan, bakit at paano maaaring i-access ng mga iba ang iyong impormasyong pangkalusugan
- gumawa nang higit na napag-isipang pasya kapag pinapahintulutan ang mga pagbubunyag sa mga iba

Mga Halimbawa ng Mga Pagbubunyag para sa Panggagamot, Pagbabayad at Mga Operasyon sa Kalusugan

Inilalarawan ng mga sumusunod na kategorya ang mga paraan kung paano namin maaaring gamitin o ibunyag ang iyong impormasyong pangkalusugan.

Panggagamot. Gagamitin namin ang iyong impormasyong pangkalusugan upang magbigay sa iyo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, itatala ng mga nurse, doktor o ibang miyembro ng iyong koponan sa pangangalagang pangkalusugan ang impormasyon sa iyong talaan at gagamitin ang impormasyong iyon: upang tukuyin ang kurso ng panggagamot, mga pagsusuri, mga therapy at gamot; upang isagawa ang panggagamot; at upang maunawaan at masuri ang iyong tugon sa panggagamot. Maaari rin naming ibunyag ang iyong impormasyong pangkalusugan sa mga taong maaaring sangkot sa iyong pangangalagang medikal pagkatapos mong iwan ang Swedish, tulad ng mga miyembro ng pamilya at ibang provider ng pangangalagang pangkalusugan.

Pagbabayad. Gagamitin namin ang iyong impormasyong pangkalusugan para sa pagbabayad. Halimbawa, maaaring ipadala sa iyo o sa isang third-party na magbabayad ang isang pagsingil. Ang impormasyong nasa o kasama ng pagsingil ay maaaring may kasamang impormasyong kumikilala sa iyo, iyong diagnosis, mga petsa ng serbisyo, pamamaraan at panustos na ginamit.

Regular na Mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan. Gagamitin namin ang iyong impormasyong pangkalusugan upang isagawa ang mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, ang mga miyembro ng kawani sa medikal, o koponan sa pagpapabuti ng kalidad, ay maaaring gumamit sa impormasyon sa iyong talaang pangkalusugan upang itasa ang pangangalaga at mga kahihinatnan sa iyong kaso at ibang mga katulad nito. Tumutulong itong masuri ang pagganap ng aming kawani sa pangangalaga para sa iyo.

Ibang Mga Paggamit at Pagbubunyag

Maaari rin naming gamitin o ibunyag ang iyong personal na impormasyong pangkalusugan na wala nang iyong pahintulot upang makamit ang mga espesyal na kailangan sa pag-uulat, upang pangasiwaan ang pagkakatuloy ng pangangalaga, o para sa pampublikong kalusugan o ibang mga hangarin. Kabilang sa mga naturang paggamit o pagbubunyag ang:

- Pamilya, mga kabiyak at mga kaibigang sangkot sa iyong medikal na pangangalaga
- Mga kasama sa negosyo ng aming samahan, kung saan may kontrata kami para sa mga serbisyo. Kabilang sa mga kasamahan sa negosyo ang mga tagapayo, accountant, abugado, medical transcriptionist at third-party na kumpanya sa pagsingil. Hinihiling namin sa mga kasama sa negosyong ito na protektahan ang pagiging kumpedensyal ng iyong impormasyong pangkalusugan
- Ang Food and Drug Administration, tulad ng pag-uulat ng malalalang pangyayari
- Data para sa mga aktibidad sa pagbabantay ng kalusugan, tulad ng pag-audit o paglilisensya
- Mga ulat sa mga nakakahawang karamdaman
- Mga ulat sa mga employer para sa mga sakit o pinsalang kaugnay ng trabaho
- Mga ulat sa pang-aabuso, pagpapabaya o karahasan sa tahanan
- Upang maiwasan ang isang seryosong banta sa kalusugan o kaligtasan i upang mapigilan ang seryosong pananakit sa isang indibidwal
- Relief sa sakuna: maaari naming ibunyag ang iyong lokasyon at pangkalahatang kundisyon sa isang pampubliko o pribadong entity (tulad ng FEMA o Red Cross) na pinahintulutan ng batas upang tumulong sa mga pagsusumikap sa relief sa sakuna
- Tulad nang kinakailangan ng batas, tulad ng para sa pagpapatupad ng batas o bilang tugon sa isang subpoena o utos ng hukuman
- Impormasyon para sa direktoryo ng ospital, limitado sa iyong pangalan at pangkalahatang kundisyon ng kalusugan (ibig sabihin, “kritikal,” “mahina,” “maayos,” “mabuti,” o mga katulad na salaysay), maliban kung abisuhan mo kaming gusto mong maibukod mula sa direktoryo
- Mga coroner at tagasuring medikal kung kinakailangan upang isagawa ang kanilang mga tungkulin
- Mga samahan sa pagkuha ng organ, sa lawak na pinapahintulutan ng batas
- Pananaliksik na inaprubahan ng isang Lupon sa Pag-review ng Institusyon (Institutional Review Board). Bagama’t kailangan ng karamihan sa mga pag-aaral na pagsasaliksik na pangklinika ng partikular na pahintulot ng pasyente, may mga pagkakataon kung saan maaaring magawa ang pagsusuri ng talaan, tissue o specimen ng mga naturang tagasaliksik nang wala ng pahintulot ng pasyente
- Espesyal na mga paggana ng pamahalaan, halimbawa, tulad nang kinakailangan ng mga awtoridad ng militar
- Bayad sa manggagawa

- Pangangalap ng pondo: maaari kaming makipag-ugnay sa iyo bilang bahagi ng pagsusumikap sa pangangalap ng pondo.
- Pag-market: Maaari ka naming bigyan ng impormasyon tungkol sa mga alternatibong panggagamit o ibang mga serbisyong nauugnay sa kalusugan na maaaring maging kawili-wili sa iyo
- Mga paalala sa appointment
- Kung nakakulong ka, maaaring ibigay ang iyong impormasyong pangkalusugan sa institusyon o ahenteng pang-correctional

Gagawin lamang ang ibang mga paggamit at pagbubunyag kapag mayroon ng iyong nakasulat na pahintulot, na mayroon kang karapatan sa karamihan ng kaso na bawiin.

Mga Espesyal na Awtorisasyon

Ang mga batas na pederal at pang-estado na nagbibigay ng mga espesyal na proteksyon para sa ilang uri ng personal na impormasyong pangkalusugan (gaya ng impormasyon tungkol sa sexually transmitted at ibang nakakahawang sakit, panggagamot sa pang-aabuso sa droga at alkohol, ilang serbisyo sa panggagamot ng kalusugan sa pag-iisip) ay tumatawag para sa mga partikular na awtorisasyon mula sa iyo upang ibunyag ang impormasyon. Kapag nabibilang ang iyong personal na impormasyong pangkalusugan sa ilalim ng mga espesyal na proteksyong ito, kukunin namin ang mga kinakailangang awtorisasyon mula sa iyo upang sumunod sa mga batas na iyon.

Iyong Mga Karapatan

Mayroon kang mga indibidwal na karapatan sa paggamit at pagbubunyag ng iyong personal na impormasyong pangkalusugan, kabilang ang mga karapatang nakalista sa ibaba. Maaari mong gamitin ang anuman sa mga karapatang ito sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa aming departamento sa Pamamahala ng Impormasyong Pangkalusugan (Health Information Management) sa (425) 640-4200.

Paghihigpit ng paggamit: Maaari kang humiling sa isang kasulatan na huwag naming gamitin o ibunyag ang iyong impormasyon para sa mga hangarin ng panggagamit, pagbabayad at pang-administratibio maliban kung partikular mong pinapahintulutan, kapag hinihiling ng batas, o sa mga sitwasyong pang-emergency. Isasaalang-alang namin ang iyong kahilingan ngunit hindi legal na kinakailangang tanggapin ito.

Paghihigpit sa Iyong Sariling Pagbabayad: Maaari kang humiling sa kasulatan na huwag naming ibunyag ang iyong personal na impormasyong pangkalusugan sa mga planong pangkalusugan para sa mga serbisyo o item na ikaw mismo ang nagbayad. Ito ay mga tiyak na kundisyong dapat na makamit upang masunod namin ang iyong kahilingan.

Tumanggap ng mga kumpedensyal na komunikasyon: May karapatan kang tumanggap ng kumpedensyal na komunikasyon sa ibang mga paraan o lokasyon. Kabilang dito ang alternatibong mailing address o isang email address.

Pagsusuri at kopya: Sa karamihan ng kaso, may karapatan kang humiling sa kasulatan ng access sa o isang kopya ng iyong impormasyong pangkalusugan.

Mga kahilingan sa pagwawasto: May karapatan kang humiling sa kasulatan na iwasto namin ang impormasyon sa iyong talaan na pinaniniwalaan mong hindi tama o magdagdag ng impormasyon na pinaniniwalaan mong nawawala.

Malaman ang tungkol sa mga pagbubunyag: May karapatan kang humiling sa kasulatan at tumanggap ng listahan ng mga pagkakataon kung saan nagbunyag kami ng impormasyon para sa mga kadahilanan bukod sa mga hangaring panggagamot, pagbabayad o kaugnay na hangaring pang-administratibo.

Mga Reklamo: Kung nag-aalala ka na nilabag namin ang iyong privacy, o hindi ka sumasang-ayon sa isang pasya na aming ginawa tungkol sa access sa iyong talaan, maaari kang makipag-ugnay sa aming Tanggapan sa Mga Kaugnayan ng Pasyente (Patient Relations Office) sa (206) 386-2111 o sa Tanggapan sa Pagkapribado (Privacy Office) sa (206) 386-6178.

Maaari ka ring makipag-ugnay sa Sekretarya ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at sa Tao (Secretary of Health and Human Services) – Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil (Office for Civil Rights) kung sa tingin mong nalabag ang iyong mga karapatan sa privacy. Hindi gaganti ang Swedish laban sa iyo para sa pag-hahain ng anumang reklamo.

Hinihiling sa amin ng batas na protektahan ang privacy ng iyong impormasyong pangkalusugan, ibigay ang Notice na ito na tungkol sa mga kasanayan sa impormasyong pangkalusugan at sundin ang mga kasanayan sa privacy na inilalarawan sa Notice na ito.

Mga Pagbabago sa Notice na ito

May-bisa ang notice simula Abril 14, 2003. Inilalaan namin ang karapatang baguhin ang mga termino ng notice na ito at upang gumawa ng mga bagong probisyon sa notice na magkakaroon ng bisa para sa lahat ng personal na impormasyong pangkalusugang aming pinapanatili. Mapo-post ang binagong notice sa aming mga lugar ng serbisyo at sa aming website sa www.swedish.org. Maaari kang humiling ng kopya ng kasalukuyang notice anumang oras sa pamamagitan ng pagtawag sa (206) 386-2502.
Rev. 03-25-2011